Ano ang ORCA?

Ang kakayahan ng ORCA card ay tulad ng pera o isang kada-buwang pass. Sa sandaling tapikin ang iyong card sa isang ORCA card reader, ang pamasahe at transfer ay nasusubaybayan upang madaliang makaalis ang pasahero sa pupuntahan.

Ang ORCA ay maaring gamitin sa Community Transit, Everett Transit, Kitsap Transit, King County Metro, Pierce Transit, Sound Transit at Washington State Ferries.

Paano gumagana ang ORCA?

Upang gamitin ang iyong ORCA card, tapikin lamang at pumaroon sa sasakyan. Ilagay ang iyong ORCA card na pantay sa tapat ng ORCA logo sa card reader. May maririnig na isang "beep" at may sumusunod na makitang pagkislap na berdeng liwanag. Hintayin ang labi ng kalahating segundo at handa ka nang sumakay.

- **Sa bus:** Tapikin ang ORCA card reader kapag ikaw ay sasakay.
- **Sa bus rapid transit:** Tapikin ang ORCA card reader bago sumakay. O, kung walang card reader sa himpilan, tapikin kapag ikaw ay papasakay.
- **Sa isang ferry:** Tapikin ang turnstile o, maaaring tapikin ng Bantay-himpilan ang iyong card sa kanilang card reader.
- **Sa tren:** Tapikin ang ORCA card reader sa hintayan bago sumakay. Tapikin muli paglabas ng himpilan upang ang wastong pamasahe ang makalkula. Ang pagligta sa pagtapik ay maaaring magresulta sa nararapat na multa.

Paano ako makakukuha ng isang card?

Ang ORCA card para sa mga may gulang (19-64 taong gulang) ay maaring makuha sa orcacard.com, sa mga ticket vending machine na nasa mga himpilan ng tren at ilang himpilan ng King County, sa nakikilahok na pamilihang ORCA at sa mga ORCA customer station. Ang halaga ng isang card ay $5.

Kailangan ng ukol na katibayan ang mga nararapat na humingi ng bawas-pasaheng ORCA card. Maaring makuha ang inyong unang card mula sa nakalaang ahensiya ng transit.

- Para sa mga menor de edad (6-18 taong gulang), kakailanganin ang katibayan ng edad at ang ORCA Card Order Form. Ito ay makukuha online o sa pamamagitan ng pagtawag sa ORCA customer service. Ang bayad para sa bagong card ay $5.
- Upang makakuha ng Regional Reduced Fare Permit ORCA Card para sa nakakatanda (65 taon paitaas), kakailanganin ang katibayan ng may kapansanan o sapat na Medicare Card. Ang bayad para sa bagong RFFP ORCA Card ay $3.

Tulong-pamasahe para sa mga lubos-kita ay bukas sa King County at sa Kitsap County. Kung ikaw ay nasuring may lubos-kita:

- Sa King County, makipag-ugnayan sa King County Metro.
- Sa Kitsap County, makipag-ugnayan sa Kitsap Transit.

Ano ang kailangang idagdag?

Ang **E-purse** ay ang lamang kargang halaga sa iyong ORCA card. Ang bayad pamasahe sa iyong biyahe ay babawasan mula sa iyong E-purse. Kailangan ng higit na $5 halaga sa card. Ang card ay may kakayahang magkarga ng hanggang $300.

Ang **Regional Pass** ay may bisa ng isang buwan at maaring gamitin ang kargang pamasahe sa walang hadlang na biyahe. Ito ay yaring mapabisa kada primera ng buwan. Kung mas mataas ang halaga ng pamasahe sa biyahe, kailangang bayaran ang labi sa pamamagitan ng E-purse o pera. Ang Regional Pass ay maaring gamitin sa Community Transit, Everett Transit, King County Metro, Kitsap Transit, Pierce Transit, at Sound Transit.

Ang **Agency Pass** ay ay may bisa ng isang buwan at maaring gamitin ang kargang pasahe sa walang hadlang na biyahe, subalit ito ay magagamit lamang sa nakalaang ahensiya. Ito ay yaring mapabisa kada primera ng buwan.

Paano ako magdadagdag ng halaga?

Online, sa koreo o sa telepono – Kakailangainin ng 24 hanggang 48 na oras upang makilala ng ORCA system ang naidagdag na halaga. Sa sumusunod na tapik ng card reader, ang halagang nakarga sa pass o E-purse ay maidaragdag sa iyong card at handa nang gamitin.

Ganang sarili – Upang magdagdag ng isang pass o E-purse kaagad, pumaroon sa ORCA customer service office, sa pamiliahan o sa ticket vending machine. Ang halaga na idaragdag mo ay handa para sa agarang gamit.

Maaari kang magdagdag ng isang kada-buwang pass, gayon din ang E-purse.

Kapag ikaw ay nagdagdag ng halaga online, sa koreo o sa telepono, tandaang tapikin ang ORCA card sa loob ng 60 araw upang isaaktibo ang halagang idinagdag.

Makipag-ugnayan sa amin

Serbisyo ng pagsasalin: 800-823-9230, ORCA customer service: 888-988-6722, TTY Relay: 711
8 n.u. to 5 n.h. Lunes – Biyernes, sarado tuwing piyesta.